April 7 **Pagpapanatili ng Sensitibong Espirituwal**

*"Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin"* (Mateo 5:4)

* * *

**Ang kasalanan ay mahalagang paksa sa Diyos. Hindi Niya kailanman kinikindatan lamang ito o itinuturing na magaang.**

Nais ni Satanas na maging manhid ang mga Cristiano sa kahilakbutan ng kasalanan. Nais niyang tumigil kayo sa pagluluksa tungkol sa kasalanan at magsimulang ikatuwa ito. Hindi mangyayari? Marami na ang minsang naisip iyan ang nadagit na ng kapangyarihan nito. Hindi ito karaniwang nagaganap ng sabay-sabay agad. Sa katunayan, ang kaganapan nito ay maaaring mabagal at di-halatang pandaraya -- halos hindi mapansin. Subalit ang bunga nito ay laging kalunos-lunos.

Paano kayo mananatiling alisto sa mga panganib ng kasalanan at maingatan ang inyong sarili mula sa kumpromiso? Una, alam dapat ninyo ang inyong kasalanan. Sinabi ni David, *"Sapagkat aking nalalaman ang mga pagsuway ko, at ang aking kasalanan ay laging nasa harapan ko"* (Awit 51:3). Inihiyaw ni Isaias, *"Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi"* (Isa. 6:5). Sinabi ni Pedro kay Jesus, *"Lumayo ka sa akin, sapagkat ako'y taong makasalanan"* (Lukas 5:8). Tinawag ni Pablo ang kanyang sarili na pangunahin sa mga makasalanan (1 Tim. 1:15). Ang mga lalaking ito ay kabahagi sa iisang laganap na kamalayan ng kanilang sariling pagkamakasalanan, at sila'y pinatakbo nito sa Diyos para sa kapatawaran at paglilinis.

Ikalawa, tandaan ang kabuluhan ng krus. Kung papahintulutan mo ang isang kasanayan ng kasalanan na sumulong sa inyong buhay, nakalimutan mo ang napakalaking halaga na binayaran ni Cristo upang kayo ay palayain mula sa pagka-alipin diyan.

Ikatlo, unawain ang kalalabasan ng kasalanan sa ibang tao. Sinabi ng mang-aawit, *"Inaagusan ng mga luha ang mga mata ko, sapagkat hindi nila tinutupad ang kautusan mo"* (Awit 119:136). Nagluksa si Jesus para sa Jerusalem, na sinasabi, *"O Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay ng mga propeta at bumabato sa mga isinusugo sa kanya! Makailang ulit kong ninais na tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at ayaw ninyo!"* (Mateo 23:37). Dapat na kumirot ang inyong puso para sa mgataong alipin ng kasalanan.

Panghuli, alisin ang anumang sasagabal sa inyong pagiging sensitibo sa kasalanan, tulad ng sinasadyang pagkakasala, pagtanggi sa kapatawaran ng Diyos, pagiging mayabang, abusuhin ang biyaya ng Diyos, o pagaanin ang kasalanan. Ang mga gawaing iyan ay madaling makapagpapapurol sa inyong espirituwal na pandama at mabibigyan si Satanas ng pagkakataon na dalhin kayo sa mas malalang kasalanan.

* * *

*Mga Suhestiyon para Ipanalangin:* Pasalamatan ang Diyos na nagbibigay ng aliw at kaligayahan sa mga taong nagluluksa sa kanilang kasalanan. * Hilingin sa Kanya na bantayan ang iyong puso mula sa anumang babawas sa inyong pagiging sensitibo sa kasamaan ng kasalanan.

*Para sa Karagdagang na Pag-aaral:* Basahin ang 1 Samuel 15. * Ano ang kasalanan ni Saulo? * Nagluksa ba siya sa kanyang kasalalan? Ipaliwanag.